

## **Mga gabay at proseso sa pagsusuri ng mga kontratang nangangailangan ng aksyon o pagpapatibay ng Pangulo (Seksyon 6 ng EO 109-A).**

Lahat ng kontrata ng gobyerno na ayon sa batas ay kailangang aksyunan o pagpasiyahan ng Pangulo, at anumang karagdagang pagbabago hinggil doon, ay hindi pipirmahan hangga't ang "NEDA Board", na pinamumunuan ng Pangulo, ay pinagpasiyahan na ito.

Lahat ng kontrata ng gobyerno, na ayon sa batas ay kailangang aksyunan o pinagpasiyahan ng Pangulo, at anumang karagdagang pagbabago hinggil doon, ay dapat isumite sa "NEDA Secretariat", sa pamamagitan ng opisina/tanggapan ng "Director-General", sa loob ng pitong (7) araw simula sa pagpapatibay ng pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya para sa pagsusuri ng "NEDA".

Ang mga kontrata ng gobyerno na kailangan aksyunan o pagpasiyahan ng Pangulo ay kailangang isumite sa "NEDA Secretariat", kasama ng mga sumusunod na dokumento o impormasyon:

- a. Kompletong kopya ng kontrata (may notaryo at pirmado ng pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya);
- b. Katibayan mula sa pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya na sinasabi na ang kontrata ay ayon sa mga batas, alituntunin at regulasyon, at halaga at kabuuan na inaprubahan ng "NEDA Board Investment Coordination" komite (ICC);
- c. Kompletong kopya ng iba pang dokumento na kalakip sa kontrata;
- d. Mga pertinenteng batas, alituntunin at regulasyon na pinagbasihan sa pagproseso ng kontrata;
- e. Resolusyon ng "GOCC/GFI Board" hinggil sa pag-apruba ng kontrata;
- f. Kopya ng recommendasyon ng "ICC" hinggil sa proyekto; at
- g. Katibayan mula sa DBM ma mayroon pondo para sa proyekto tulad ng "Forward Obligational Authority (FOA)".

Sa loob ng tatlung (30) araw mula pagkatanggap ng mga kontrata ng gobyerno, at anumang pagbabago sa kontrata, kasama ng kompletong mga dokumentong kailangan, ang "NEDA Secretariat" ay magsusumite ng kanyang rekomendasyon sa "NEDA Board" para ito pagpasiyahan.

Kung ang mga isinumite na dokumento ay hindi kompleto, ipapaalam ng "NEDA Secretariat" sa naturang ahensiya ang kakulangan sa dokumento o hihingi ng anumang klaripikasyon mula sa huli tungkol sa kanyang submisyon habang pansamantalang pagtigil ng pagsusuri ng kontrata. Ito rin ay ipapaalam sa "NEDA Board" para sa kanilang impormasyon.

Sa loob ng pitong (7) araw mula sa araw ng pagpasiya ng "NEDA Board", ipapaalam ng "NEDA Secretariat", sa pamamagitan ng "Director-General", sa pinuno/panguluhan ng naturang ahensiya ang aksyon ng Pangulo/"NEDA Board" sa kontrata kasama ng mga komentaryo dito.